

# Makalipas ang Isang Taon, Nagpapatuloy ang Maui Wildfire Recovery nang may Halos \$3 Bilyon sa Suportang Pederal

---

Release Date: Aug 6, 2024

Itinutuloy ng FEMA, kasama ang aming mga federal partner, ang magbigay ng tinatayang **\$3 bilyon** para sa Maui wildfire recovery. Kabilang dito ang higit sa **\$1.3 bilyon** sa mga pagtatalaga ng misyon para mapabilis ang pagbangon sa pamamagitan ng pagtatanggal at pagtatapon ng mga labi, pansamantalang pabahay, pagpapatayo ng paaralan, at pag-aayos ng imprastruktura.

Sinusuportahan ng mga programa sa Indibidwal na Tulong at Pampublikong Tulong (Individual Assistance and Public Assistance) ng FEMA ang pagsusumikap ng komunidad na nakatuon sa pangmatagalang pagbangon. Bilang bahagi ng tuloy-tuloy na pagtuon ng FEMA sa Maui, kukuha ang ahensya ng higit pa sa 120 tauhan para suportahan ang bagong ipinatayong Opisina ng Magkasamang Recovery (Joint Recovery Office) para sa Maui County para pangunahan ang mga pagsusumikap.

## Indibidwal na Tulong

Hanggang ngayon, nakapag-apruba ang FEMA ng mahigit sa **\$56.1 milyon** para makatulong sa **7,141 tao** na bumangon sa pamamagitan ng mga programa sa Indibidwal na Tulong (Individual Assistance), kabilang ang **mahigit sa \$33.8 milyon** para sa Tulong sa Pabahay (Housing Assistance) at **mahigit sa \$22.2 milyon** para sa Tulong sa Iba pang Pangangailangan (Other Needs Assistance) na direktang ibinabayad sa mga nakaligtas.

## Tulong sa Upa ng FEMA

Nagbibigay ang Programa ng Tulong sa Upa (Rental Assistance Program) ng FEMA ng pera direkta sa mga kuwalipikadong nakaligtas para makahanap sila ng sariling pansamantalang pabahay. **Sinusulit ng daan-daang pamilya** ang programa ng tulong sa upa. **Mahigit sa \$37.3 milyon** ang naaprubahan para sa



**FEMA**

Page 1 of 5

tulong sa upa mula sa FEMA:

## Direktang Tulong sa Pabahay

Naghahanap ng pansamantalang pabahay ang mga programa ng Direktang Tulong sa Pabahay (Direct Housing Assistance) ng FEMA para sa mga kuwalipikadong pamilya:

- Sa ilalim ng programa ng **Direktang Pag-upa (Direct Lease)**, pinapaupahan ng FEMA ang mga residensyal na ari-arian na direktang mula sa mga may-ari ng ari-arian para magamit ng mga nakaligtas. Nagbabayad ang ahensiya sa mga may-ari ng ari-arian, at ang mga yunit ay inaalok hanggang 18 buwan, o **hanggang Pebrero 2025**.
- Mahigit sa **\$295 milyon** ang nagastos sa programa ng Direktang Pag-upa sa ngayon. Sa programang ito, nakatulong ang FEMA sa mahigit sa **1,200 sambahayan na makahanap ng pansamantalang pabahay**.
- Nakaiskedyul ang isang **site sa panggrupong pabahay sa Kilohana** sa Maui na matapos sa **Oktubre 2024**. Isasama sa lugar na ito ang 169 na yunit para sa mga kuwalipikadong nakaligtas para magamit para sa pansamantalang pabahay.
- Isinasagawa na ang plano para sa mga minanipakturang **yunit ng pabahay sa mga pribadong ari-arian**. Papahintulutan ng mga minanipakturang yunit ng pabahay ang mga may-ari ng tahanan na manirahan sa kanilang ari-arian habang gumagawa ng mga pag-aayos sa kanilang tahananang nasira ng sakuna.

## Iba pang pinondohang serbisyo ng FEMA para sa mga residente ng Maui:

- Mahigit sa **\$5 milyon** ang ibinigay para sa Pagpapayo sa Krisis (Crisis Counseling).
- Mahigit sa **\$17 milyon** ang ibinigay para sa Pamamahala ng Kaso ng Sakuna (Disaster Case Management).
- Mahigit sa **\$12 milyon** ang ibinigay para sa Tulong sa Pagkawala ng Trabaho na Dulot ng Sakuna (Disaster Unemployment Assistance).
- Mahigit sa **\$5,000** ang ibinigay para sa Mga Legal na Serbisyo sa Sakuna (Disaster Legal Services).

## Tulong Pampubliko at Kritikal na Imprastruktura (Public Assistance & Critical Infrastructure) ng FEMA



**FEMA**

Page 2 of 5

- Nagbibigay ng pera ang programa ng Tulong Pampubliko (Public Assistance) ng FEMA sa mga pang-estado, pantribo, panteritoryo, at lokal na pamahalaan at mga partikular na uri ng pribadong non-profit para agad na makatugon at makabangon ang mga komunidad mula sa malalaking sakuna o emerhensiya. Sa kabuuan, inobliga ng FEMA ang mahigit sa **\$700 milyon** sa pamamagitan ng programa sa Pampublikong Tulong.
- Nag-obliga ang FEMA ng mahigit sa **\$473.5 milyon** sa pamamagitan ng Programa sa Pampublikong Tulong para sa Pang-emerhensiyang Pagtatrabaho (Public Assistance Program for Emergency Work). Kaagad na matatapos ang trabahong ito pagkatapos ng isang sakuna para makaligtas ng mga buhay, maprotektahan ang pampublikong kalusugan at kaligtasan, maprotektahan ang pinahusay na ari-arian o mag-alis o magbawas ng agarang banta ng karagdagang pinsala.
- Nag-obliga ang FEMA ng mahigit sa **\$107 milyon** sa pamamagitan ng Programa sa Pampublikong Tulong para sa Permanenteng Trabaho (Public Assistance Program for Permanent Work). Ang trabahong ito ay ang pagpapanumbalik ng mga pasilidad na pagmamay-ari ng publiko na nasira ng sakuna at ng mga pasilidad ng partikular na Mga Pribadong Nonprofit.
- Nagbigay ang FEMA ng halos **\$78 milyon** sa pamamagitan ng Mga Pagtatalaga ng Misyon (Mission Assignments) para magtayo ng pansamantalang campus para sa Mababang Paaralan ng King Kamehameha III. Nasira ang paaralan dahil sa mga wildfire sa Lahaina at hindi na ito maaayos. Itinalaga ang proyektong ito sa USACE na umabot ng 95 araw para makumpleto. Kabilang sa campus ang sumusunod:
  - 38 gusali.
  - Air conditioning sa lahat ng silid-aralan.
  - 30 silid-aralan para tumanggap ng hanggang 650 mag-aaral.

## Pagtatanggal ng mga Labi

Noong Agosto 2023, itinalaga ng misyon ng FEMA ang USACE na magsagawa ng pagtatanggal ng labi sa mga kuwalipikadong ari-arian. Noong una, itinantiya ng USACE na ang pagtatanggal ng labi ay maaaring tumagal ng isang taon mula sa panahong nagsimula ang pagtatrabaho sa pagtatanggal ng labi; nalampasan nila ang lahat ng inaasahan dahil mas maaga sa iskedyul ang mga operasyon. Ang karamihan sa pagtatanggal ng labi ay makukumpleto sa Disyembre 2024; inaasahang matatapos ang mga operasyon sa pagtatanggal ng labi sa Enero 2025.



- Nalinis ng USACE ang 98% ng mga residensyal na lote (1,374 sa 1,399), na nagbibigay-daan sa mga may-ari ng ari-arian na simulan ang proseso ng muling pagtatayo.
- Nalinis ng USACE ang 42% ng mga komersyal na lote (76 sa 159), na nagbibigay-daan sa mga negosyo na magplano para sa hinaharap.

### Iba pang pagtatanggal ng labi:

- Nagtanggap at nagtapon ang U.S. Coast Guard ng 98 vessel mula sa daungan (nakumpleto ang misyon noong Disyembre 2023).
- Inalis mula sa site na nasunog at itinapon nang maayos ang 3,080 sasakyang nasira ng apoy.
- Kasama ang U.S. Environmental Protection Agency, nakumpleto ang pagtatapon ng mapanganib na materyal ng sambahayan noong Disyembre 2023.
  - Bumuo ang EPA ng bagong paraan sa pagtatapon ng materyal ng baterya para makuha at matapon ang sasakyang pinapagana ng kuryente at mga baterya ng Powerwall. Ipa-patent ang mga paraang ito para magamit sa mga kaganapan ng sunog sa hinaharap.
- Nakumpleto ng EPA ang proseso ng pagsubok, inspeksyon, paglilinis, at pag-cap ng mga nasirang system ng tubig at alkantarilya sa Lahaina noong Hulyo 17, 2024, na nagbibigay-daan para sa Maui County na magsagawa ng mga kinakailangang pagbabago sa mga system na ito.

### Karagdagang suportang pederal:

- Mula Agosto 8, mahigit sa 350 tauhan ng FEMA ang sumuporta sa operasyong ito sa sakuna.
- Inaprubahan ng U.S. Small Business Administration ang **mahigit sa \$396 na milyon** sa mga pederal na pautang sa sakuna para sa mga negosyo, nonprofit, at residente ng Hawai'i na naapektuhan ng mga wildfire sa Maui. Kabilang dito ang **mahigit sa \$151.2 milyon** para sa mga negosyo at **mahigit sa \$244.7 milyon** sa mga may-ari ng tahanan at nagrerenta para tulungan silang muling magtayo at bumangon mula sa sakuna.

### Mga Numero sa Paunang Pagtugon:



**FEMA**

Page 4 of 5

- Noong una, nagawa ng FEMA at ng American Red Cross ang magligtas ng mahigit sa 8,000 nakaligtas sa pamamagitan ng pang-emerhensiyang matutuluyan.
  - **Mahigit sa 1.5 milyon** pagkain ang inihain sa ilalim ng programa sa pagkain na pinondohan ng FEMA sa mga pang-emerhensiyang hotel na site.
- Sinuportahan din ng FEMA ang hindi sama-samang matutuluyan sa mga hotel sa loob ng higit sa 11 buwan habang naghahanap ang mga nakaligtas sa sakuna ng mga opsyon sa mas matagal na pabahay.
- Mayroong **52,132** kabuuang pagpapatingin, kabilang ang nauulit na pagpapatingin, sa mga Disaster Recovery Center, kung saan maaaring direktang makipagtulungan ang mga residente sa FEMA at iba pang pederal na tauhan para masuri ang kanilang mga pangangailangan, magrehistro para sa tulong, tumanggap ng personal na pamamahala ng kaso, at kumonekta sa mga boluntaryong ahensiya para sa karagdagang suporta.

Para sa pinakabagong impormasyon sa mga pagsusumikap sa Maui wildfire recovery, bisitahin ang [mauicounty.gov](http://mauicounty.gov), [mauirecovers.org](http://mauirecovers.org), [fema.gov/disaster/4724](http://fema.gov/disaster/4724) at [Hawaii Wildfires - YouTube](#). Subaybayan ang FEMA sa social media: [@FEMARegion9](#) at [facebook.com/fema](https://facebook.com/fema). Maaari rin kayong makakuha ng impormasyon sa tulong sa sakuna at mag-download ng mga aplikasyon sa [sba.gov/hawaii-wildfires](http://sba.gov/hawaii-wildfires).



**FEMA**